Tagalog

Gabay Kaugnay ng COVID-19 para sa Mga Magulang ng Mga Batang Pumapasok sa Paaralan at/o Childcare (COVID-19 Guidance for Parents of Children Attending School and/or Childcare)

Kung mayroon ang iyong anak ng isa o higit pa sa mga sintomas na ito ng COVID-19 na kakasimula lang, lumalala, o hindi nauugnay sa iba pang kilalang dahilan: Lagnat • Ubo • Pangangapos ng hininga • Kawalan ng pang-amoy o panlasa

Tandaan: Ituturing na bahagi ng baseline na status ng kalusugan ng bata ang mga hindi gumagaling na sintomas na maaaring ipaliwanag ng dati nang medikal na kundisyon (hal. mga allergy). Hangga't hindi nagbabago ang mga sintomas na ito, maaaring magpatuloy sa pagpasok sa paaralan/childcare ang bata. Dapat magkaroon ng isang negatibong resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ang isang bata para maitakda ang baseline na ito.

Gabay (Guidance)

Legal na kinakailangang* mag-isolate ng iyong anak

Inirerekomenda ang pagsusuri para sa COVID-19

* hindi legal na kinakailangan ang pag-isolate para sa kawalan ng pang-amoy o panlasa, pero dapat manatili sa bahay ang iyong anak

Pagsusuri (Testing)

Magpasya kung magpapasuri ang iyong anak para sa COVID-19

Oo

Gawin:

Mag-book ng pagsusuri para sa COVID-19 para sa iyong anak

- **Online:** ahs.ca/covid
- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Health Link sa 811

Subukang mag-book ng pagsusuri sa loob ng 24 na oras magmula noong magkaroon ng mga sintomas ang iyong anak

Gawin: **Samahan ang iyong anak na magpasuri para sa COVID-19**

Hindi

O

Bago mo makuha ang resulta ng pagsusuri sa iyong anak

Resulta ng Pagsusuri (Test Result)

Gawin:

Kunin ang resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ng iyong anak

Maaaring umabot nang 1 hanggang 3 araw bago makuha ang resulta ng pagsusuri sa iyong anak

- Makikipag-ugnayan ang AHS sa lahat ng indibidwal na positibo ang resulta para sa COVID-19
- Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pagkuha ng resulta ng pagsusuri para sa COVID-19 ng iyong anak, pumunta sa ahs.ca/results

Positibong Resulta ng Pagsusuri

Negatibong Resulta ng Pagsusuri

Mga Susunod na Hakbang (Next Steps)

Positibong Resulta ng Pagsusuri

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-isolate sa loob ng hindi bababa sa **10 araw mula noong magkaroon siya ng mga sintomas**.

Bisitahin ang ahs.ca/isolation para sa higit pang impormasyon.

Dapat manatili sa bahay at mag-quarantine ang mga miyembro ng sambahayan sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang huling pagkakalantad sa bata.

Negatibong Resulta ng Pagsusuri

Nasabihan ka ba ng AHS na ang iyong anak ay isang close contact ng isang taong nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19?

Oo

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-quarantine sa loob ng **14 na araw mula sa kanyang huling pagkakalantad sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19**.

Hindi kinakailangang mag-quarantine ng mga miyembro ng sambahayan basta't sila ay asymptomatic.

Hindi

Ano ang dapat gawin

Hindi na legal na kinakailangan ng iyong anak na mag-isolate, pero dapat siyang manatili sa bahay at hindi siya dapat pumunta sa paaralan, childcare at iba pang pampublikong lugar hanggang sa bumuti ang kanyang pakiramdam.

Nasabihan ka ba ng AHS na ang iyong anak ay isang close contact ng isang taong nagpositibo sa pagsusuri para sa COVID-19?

Oo

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-quarantine sa loob ng **14 na araw mula sa kanyang huling pagkakalantad sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19 o nang hindi bababa sa 10 araw mula noong magkaroon siya ng mga sintomas, alinman ang mas matagal**.

Kung hindi mawawala ang mga sintomas ng iyong anak, dapat siyang manatili sa bahay at hindi siya dapat pumunta sa paaralan, childcare at iba pang pampublikong lugar hanggang sa bumuti ang kanyang pakiramdam.

Dapat manatili sa bahay at mag-quarantine ang mga miyembro ng sambahayan sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang huling pagkakalantad sa bata.

Hindi

Ano ang dapat gawin

Legal na kinakailangan* ng iyong anak na manatili sa bahay at mag-isolate sa loob ng hindi bababa sa **10 araw mula noong magkaroon siya ng mga sintomas**.

Hindi kinakailangang mag-quarantine ng mga miyembro ng sambahayan basta't sila ay asymptomatic.

Alberta Health Services

Petsa kung kailan huling binago: Enero 6, 2021